

(タガログ語)

生活資金の支援体制について

**Ang mga sistema para masuportahan ang mga gastusin para sa araw-araw na pangangailangan**

May mga ilang mga publikong sistema ng suporta na tumutulong sa mga biktima ng sakuna para magkaroon sila ng perang panggastos para sa araw-araw na pangangailangan

○Ang abuloy sa mga naiwang pamilya (Condolence money for natural disaster / *Saigai Choui Kin*)

Ang *Saigai Choui Kin* ay abuloy para sa mga pamilyang namatayan dahil sa sakuna.

○Ang abuloy sa mga nagkaroon ng kapansanan dahil sa sakuna (Disablement consolation payment for natural disaster / *Saigai Shougai Mimaikin*)

Ang *Saigai Shougai Mimaikin* ay abuloy para sa mga taong nagkaroon ng kapansanan dahil sa sakuna.

○Loan para sa mga naapektuhan ng sakuna (Natural Disaster Victims Relief Loan / *Saigai Engo Shikin Kashitsuke*)

Ito ay isang sistema na nagpapautang sa pamilya kung ang pinuno ng pamilya ay napinsala, o ang kanilang tirahan at mga gamit sa bahay ay nasira o napinsala dahil sa sakuna.

○Tulong o suporta para sa mga naapektuhan ng sakuna (Natural Disaster Victims Relief Aid / *Hisaisha Seikatsu Saiken Shienkin*)

Ang *Hisaisha Seikatsu Saiken Shienkin* ay isang suporta na ibabayad sa mga nawalan ng bahay dahil sa pagkasira ng buong bahay. Kahit kalahati lang ng bahay ang nasira ay maaring bayaran din ito. Ang halaga ng suporta ay ayon sa antas ng pagkasira ng bahay.

Para sa karagdagang impormasyon, magtanong lamang sa munisipyo ng lugar na tinitirahan noong panahon ng sakuna.